

DepEd ADVISORY No. 147, s. 2010
in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
June 24, 2010

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Ang Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Visayas (SWF, UP-Visayas) ay magtataguyod ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na may paksang “*GLOCAL na Pagtuturo/Pag-aaral sa Wika at Panitikan: Integrasyon ng Katutubo/Lokal na Kultura at Wika sa Pagtugon sa Global na Pangangailangan*” na gaganapin sa Oktubre 6-9, 2010 sa Faith Village and Recreation Center, Boracay, Aklan.

Ang layunin ng gawaing ito ay ang mga sumusunod:

- a. makapagtaya ng estado ng pagtuturo ng wika at panitikan sa iba't ibang lebel ng pag-aaral;
- b. makapagbigay-kaalaman sa isinusulong na edukasyong multi-lingual o *mother-tongue language education*;
- c. makapagbahagi ng estratehiya at pamamaraan sa pagsasanib ng mga lokal o katutubong kultura at wika sa pagtuturo at pag-aaral ng panitikan at wikang Filipino; at
- d. makapagbuo/makapaglikha ng mga kagamitang pampagtuturo na nagbibigay-tuon sa integrasyon ng katutubong kultura at wika sa aralin.

Ang mga kalahok sa seminar-worksyap na ito ay ang mga guro sa lahat ng antas, publiko man o pribado.

Ang bayad sa rehistrasyon ay Tatlong Libo Anim na Daang Piso (PhP3,600.00) bawat kalahok para sa *seminar kit* (naglalaman ng libro at *hand-outs*), sertipiko, pagkain (almusal, pananghalian at meryenda sa umaga at hapon sa loob ng tatlong araw). Hindi kasama sa rehistrasyon ang akomodasyon.

Para sa mga nangangailangan ng matutuluyan sa Boracay, mangyaring tumawag para sa inyong reserbasyon sa telepono blg.: (033) 337-0550; (036) 288-1830; (036) 288-5234; o sa *mobile phone nos.*: 0919-7772-674 (Sonia); 0917-3020-826/0910-3915-164 (Sir Joel) o mag-email sa upvswf@yahoo.com o soniadionson@yahoo.com.

Para sa ibang impormasyon, maaaring kontakin sina:

Prof. Joel B. Labos	Prof. Nelia S. Ereno	Dr. Althea Fernandez
UPV Iloilo	UPV Cebu	UPV Tacloban
(033) 337-0550	(032) 232-5668 (032) 232-8104	(053) 325-5108
0917-3020-826 0910-3915-164		0927-5721-341
upvswf@yahoo.com		